

# KIAN

KAWASAKI  
INTERNATIONAL  
ASSOCIATION  
NEWS

# KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

## Music Fest ~ ASIAN HEALING

(280)

「アジア交流音楽」祭



Sa darating na ika-17 ng Marso, (Sabado) gaganapin ang piyesta ng musika na pinamagatang:

「ONGAKU NO MACHI・KAWASAKI ASIAN HEALING 2007」  
Kasabay nito ang pagdiriwang para sa ikatlong taon mula ng itatag ang pagiging magkaibigan ng bansang Korya at bansang Hapon. [Nikkan Yujyō nen 2005]

Ang mga magtatanghal mula sa panig ng bansang hapon ay sina:

G. Tsutomo Arakatsuki ng Tenor, mang-aawit na sina Bb. Miu Sakamoto kasama si G. Yuichi Ohata at G. Kosuke Atari. Sa panig naman ng bansang

Korya ay si Sonmin, sa panig ng bansang Tsina ay si Amin atbp.

Sa pamamagitan ng pagkakaisa ng mga mang-aawit mula sa tatlong bansang Hapon, Tsina at Korya, inaasahang magiging kakaiba at matagumpay na idaraos ang ibentong may temang [ASIAN HEALING].

Ang mga tiket ay mabibili sa halagang ¥5800 yen para sa upuang S, ¥4800 yen para sa upuang A, at ¥3800 yen para sa upuang B. Makipag-ugnayan sa KYODO Yokohama sa numerong :045-651-9911. Para sa iba pang detalye ng Asian Healing, tumawag sa 045-662-1353.

## Speech Contest para sa mga residenteng dayuhan

281

外国人市民による日本語スピーチコンテスト

Gaganapin ang Japanese Speech Contest ng mga residenteng dayuhan sa ika-17 ng Pebrero (Sabado) sa Kawasaki International Center.

Ang paligsahang ito ay binubuo ng mga mag-aaral ng Nihonggo, mag-aaral mula sa ibang bansa at kasalukuyang naka-enroll sa kursong Nihonggo na may mahigit kumulang sa isa-hanggang 5 limang taong nakatira dito sa bansang Hapon. Ang mga nilalaman ng pagsasalita ay ukol sa mga maipagmamalaking bagay ukol sa kani-kanilang bansa, mga iba't ibang karanasang nakakatawa, nakaka-iyak atbp.

Halina't manood at makilahok ng walang bayad sa ika-17 ng Pebrero, (Sabado) mula alas-dyes hanggang alas dose y medya ng tanghali.

Para sa detalye, makipag-ugnayan sa Kawasaki City International Center, 044-435-7000.



# Mga nagwagi ng pang-kasalukuyang Sining

現代美術賞受賞者展

282


Ang Eksibit para sa mga nagwaging Likha sa Sining ay gaganapin sa Shimin Museum sa pamagat na 「Individuals Kosa suru 4 nin “Made In Kawasaki” winners for Present Arts」

Tumanggap ng mga 116 lahok ang Shimin Museum para sa mga likhang ukol sa kasalukuyang sining. Ang mga Likha para sa kasalukuyang sining kung saan ang tema ay KAWASAKI ay pinanalunan ng 1 para sa main prize at 3 katao para sa mga pili ng mga tagapag-husga. Ang mga eksibit sa museong ito ay pawang mga likha ng mga nagwagi. Inaanyayahan ang lahat na panoorin ang makulay, mga iba't ibang hugis at istilo ng mga dibuho ng apat na ito ukol sa mundo.

Magtatapos ang eksibisyon sa ika-25 ng Pebrero. Para sa pagpunta sa museo, sumakay ng bus mula istasyon ng Musashi kosugi at bumaba sa harap ng [Shimin Museum Mae]. Sa mga detalye, tumawag sa 044-754-4500.



May problema ka? Tawag na o magsadya sa:  
**Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki**



**Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan**

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**Konsultasyon sa iba't-ibang Wika**

**Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado**

**Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes**

**Wikang Koryano : Martes at Huwebes**

**Oras ng Konsultasyon**

**10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon**

**Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles**

**Wikang Portugis: Martes at Biyernes**

**Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles**

**Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki**

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:<http://www.kian.or.jp/>